



## *Kabanata 17: Relihiyon at Kaugalian*

Ginagarantiyahan ng Pangunahing Batas ng Hong Kong ang kalayaan sa relihiyon, pinahihintuutan ang pagkakaiba-iba ng mga paniniwala upang ang lahat ay mabuhay nang nagkakasundo-sundo. Ang mga sumusunod na impormasyon ukol sa iba't ibang mga relihiyon, na binago noong 31 Disyembre 2017, ay kinuha mula sa Hong Kong Yearbook.

### **Buddhism**

Ang Buddhism ay isa sa pangunahing relihiyon sa Hong Kong na may humigit kumulang na isang milyong tagasunod at higit pa sa 400 templo, ang ilan ay nakatayo na may 700 taon na ang nakakaraan.

Ang mga lokal na grupo ng Buddhist ay matagal nang tumutulong sa kapakanang panlipunan at edukasyon. Ang Hong Kong Buddhist Association, bilang halimbawa, ay itinatag noong 1945 at nagnanais na isulong ang mga turo at kultura ng Buddhist habang nagkakaloob ng mga mapagkawanggawaang serbisyo sa publiko, kabilang na ang pangangalagang medikal at pangkalahatang pangangalaga sa parehong bata at matanda.

### **Taoism**

Ang Taoism ay isang katutubong relihiyon sa China na may 2,000 taong kasaysayan. May higit sa isang milyong tagasunod sa Hong Kong at higit pa sa 300 mga abbey at temple ng Taoism, ayon sa 2010 survey ng Hong Kong Hong Kong Taoist Association.

Ang Hong Kong Taoist Association, na itinayo ng mga kinatawan ng mga pangunahing templo noong 1961, ay nag-oorganisa ng mga pang-relihiyon, pang-kultural at pang-kawanggawang mga gawain upang isulong ang mga banal na kasulatan at mga moral na pinahahalagahan ng Taoist. Ang Taunang Taoist Day, na ipinagdiriwang sa ikalawang Linggo ng Marso, ay nagdiriwang ng kaarawan ni Bathala Taishang Laojun, o Laozi, na pinaniniwalaan ng mga Taoist na siyang nagtatag ng Taoism at may-akda ng *Tao Te Ching*, ang pangunahing teksto ng Taoist na may petsang ika-4 na siglo BC.

## **Confucianism**

Ang Confucianism ay isang grupo ng mga reihiyoso, etikal at pilosopikal na turo na kinuha mula sa sinaunang pilosopong Chinese na si Confucius na binibigyang diin ang kahalagahan ng tradisyon at mga seremonya. Ang mga pinahahalagahang ito ay ipinakilala sa mga turo sa lokal na primarya, sekondarya at unibersidad sa pamamagitan ng adbokasiya ng Confucian Academy. Kabilang sa iba pang mga lokal na organisasyong Confucian ang Hong Kong Confucian Association at Confucius Hall.

Ang ikatlong Linggo ng Setyembre ay ‘Confucian Day’, ayon sa inendorso ng pamahalaan noong 2014 upang tandaan ang kaarawan ni Confucius sa ika-27 ng ikawalong lunar na buwan.

## **Christianity**

Ang komunidad ng mga Christian ay may bilang na halos 889,000, karamihan ay mga Protestant at Roman Catholic. Ang mga Simbahang Greek, Russian at Coptic Orthodox ay makikita rin sa Hong Kong.

### ***Protestant Community***

Ang local na kilusang Protestant ay nagsimula noong 1841 at ngayon ay may halos 500,000 rehistradong mga miyembro na nakakalat sa 70-odd na mga denominasyon, ayon sa Hong Kong Christian Council. Humigit kumulang na 1,300 sa hindi na bababa pa sa 1,500 kongregasyon ang nagsasalita ng wikang Chinese. Kabilang dito ang mga denominasyong katulad ng The Church of Christ sa China (kumakatawan sa mga tradisyong Presbyterian at Congregational), True Jesus Church at Local Church (ang Little Flock), pati na ang mga independiyenteng kongregasyon. Ang kooperasyon sa lahat ng mga simbahan ay pinasisimunan ng Hong Kong Christian Council at Hong Kong Chinese Christian Churches Union.

Higit pa sa 730 ng mga ahensiyang para-church ang nag-aasikaso sa mga pangangailangan ng komunidad ng Protestane at sumusuporta sa pagbibigay ng tulong kapag may emergency at para sa mga proyektong para sa pagpapaunlad.

## ***Roman Catholic Community***

Ang Roman Catholic Church sa Hong Kong ay itinatag bilang isang misyong prefecture noong 1841 at naging isang diocese noong 1946. Ayon sa Catholic Diocese ng Hong Kong, may halos 389,000 katoliko na pinaglilingkuran ng 292 na mga pari, 58 brother at 52 sister sa 52 parish, na binubuo ng 40 simbahan, 31 chapel at 26 na bulwagan para sa mga relihiyosong pagsamba na isinasagawa sa Cantonese; tatlo sa bawat lima ng mga parish ang nagbibigay din ng panambahan sa English at, sa ilang mga kaso, sa Tagalog, ang wika ng mga Filipino. Ang diocese ay may kanyang sariling pang-administratibong istruktura habang pinananatili ang malapitang pakikipag-ugnayan sa Pope at sa iba pang mga Katolikong komunidad sa buong mundo.

## **Islam**

Ang Hong Kong ay may tinatantiyang 300,000 Muslim, na binubuo ng 150,000 Indonesian, 50,000 Chinese, 30,000 Pakistani at mga tao mula sa India, Malaysia, Middle East, Africa at kung saan-saan pa, ayon sa Incorporated Trustees of the Islamic Community Fund ng Hong Kong.

Lahat ng mga lokal na gawaing Islamic ay kino-koordina ng mga katiwala, na bumubo ng isang kawanggawang nangangasiwa sa lahat ng limang moske, dalawang sementeryo at isang kindergarten. Nag-aasikaso sila ng para sa paglilibing, nag-aanunsiyo ng mga petsa ng mga piyesta kabilang ang Ramadan, at nagsasagawa ng mga pag-iinspeksyon at nag-iisyu ng mga sertipiko para sa mga pagkaing halal sa Hong Kong at sa mga bahagi ng Mainland.

Ang mga lokal na Chinese Muslim ay pangunahing kinakatawanan ng Chinese Muslim Cultural at Fraternal Association, na nagpapatakbo ng isang kolehiyo, dalawang paaralang primarya at dalawang kindergarten.

Ang pinakamatandang moske ay ang Jamia Masjid sa Mid-Levels, itinayo noong 1849 at muling itinayo noong 1915 upang makatanggap ng higit pa sa 400 na mga sumasamba. Ang may walong palapag na Masjid Ammar at Osman Ramju Sadick Islamic Centre sa Wan Chai, na may kapasidad na higit pa sa 1,500, ay nagtatampok ng isang aklatan, isang klinika, isang kantinang Islamic at isang Muslim Community Kindergarten kasama ng marami pa nitong mga pasilidad. Ang Kowloon Masjid at ang Islamic Centre, na may natatanging white-marble na finish, ay isang landmark sa Tsim Sha Tsui at nagpapakita ng

tunay na pagkakakilanlan ng mga lokal na Muslim. Mayroon itong kapasidad na 3,500 at pinupuntahan ng halos isang milyong gumagamit taun-taon. Ang Stanley Mosque ay nasa Stanley Prison, habang ang Chai Wan Mosque ay nasa Cape Collinson. Ang mga sementeryo ay nasa Happy Valley at Cape Collinson.

## **Hinduism**

Ang mga pang-relihiyon at pang-lipunang mga aktibidad ng 100,000 komunidad ng Hindu mula sa India, Nepal, Sri Lanka, Thailand at iba pang mga bansa mula sa Timog Silangang Asya ay naka-sentro sa Hindu Temple sa Happy Valley, na pinamamahalaan at minementina ng Hindu Association ng Hong Kong. Ang mga sumasamba ay gumagamit ng templo para sa meditasyon, mga ispiritwal na pagtuturo, mga klaseng yoga at iba pang mga gawain ng komunidad at upang ipagdiwang ang mga pangunahing piyesta tulad ng Diwali, Dussehra, Holi, Ganesh Chaturthi, Cheti Chand at Hanuman Puja. Nagsasagawa rin sila ng mga seremonyang para sa engagement at kasal ayon sa mga kaugaliang Hindu at sa Ordinansa sa Kasal. Kabilang sa iba pang mahahalagang serbisyo ang pangunguna sa mga ritwal para sa mga namatay, pag-aasikaso ng para sa kremasyon at mga kaugnay na ritwal at pagmementina ng crematorium sa Cape Collinson.

Ang templo ay nagsasagawa ng mga sesyong musika at mga relihiyosong diskurso tuwing umaga ng Linggo, na susundan ng isang libreng kainan sa komunidad na isinisilbi rin sa mga gabi ng Lunes.

## **Sikhism**

Tinanggap ng Hong Kong ang una nitong mga Sikh mula sa Punjab, India, bilang bahagi ng British Armed Forces ng ika-19 na siglo. Ang mga miyembrong Sikh ng rehimenteng British Army na naka-istasyon sa lungsod ang nagtayo ng unang templo ng Sikh, ang Siri Guru Singh Sabha, noong 1901 sa Queen's Road East, Wan Chai. Ang Siri Guru Singh Sabha ay muling pinangalanan bilang Khalsa Diwan. Ang kasalukuyang Sikh Temple ay kinlasipika bilang isang Grade II Historic Building at pinangangasiwaan ng Khalsa Diwan, isang rehistradong organisasyong pang-kawanggawa. Ang parehong mga Sikh at hindi Sikh ay makakagamit ng mga boluntaryong serbisyon ipinagkakaloob ng templo, kabilang ang probisyon ng isang slangar (isang libreng pagkain) at pang-maiksiang panahong akomodasyon para sa mga bisita mula sa ibang bansa.

May humigit kumulang na 12,000 Sikh sa Hong Kong, ayon sa Khalsa Diwan. Ang mga taga-sunod ng nagtatag ng Sikhism na si Guru Nanak Dev Ji ay dumadalo sa mga relihiyosong panambahan sa templo tuwing umaga at gabi. Nagsasama-sama rin sila doon kapag Linggo at sa mga pangunahing banal na araw ng Sikh. Ang pinaka-importante nilang mga relihiyosong petsa ay ang mga kaarawan nina Guru Nanak Dev Ji at Guru Gobind Singh Ji (ang ika-10 Guro) at ni Vaisakhi (kaarawan at araw ng binyag ng lahat ng Sikh).

## **Judaism**

Ang paninirahan ng komunidad na Jewish sa Hong Kong ay nagsimula pa noong 1840 at binubuo ng mga pamilyang mula sa iba't ibang bahagi ng mundo. May tatlong pangunahing synagogue – ang Ohel Leah Synagogue (Orthodox) na nagkakaloob ng pang-araw-araw na panambahang pang Sabbath at pang-piyesta, ang United Jewish Congregation ng Hong Kong (Reform) na may panambahang pang-sabbath at pang-piyesta, na parehong nasa iisang lugar sa Robinson Road; at ang Chabad Lubavitch na may pang-araw-araw na panambahan sa MacDonnell Road. Lahat ay tumutupad ng isang mahalagang papel sa pang-relihiyon, pang-kultural at pang-lipunang pamumuhay ng mga lokal na taong Jewish.

## **Iba pang mga Pananampalataya**

Ang Pananampalatayang Baha'i at ang Zoroastrianism ay kabilang sa iba pang mga rekiiyon na itinatag sa Hong Kong sa loob ng maraming taon.

